DEVELOPMENTAL DISABILITIES ADMINISTRATION (DDA)

Abiso sa Pagtatapos ng Pagiging Karapat-dapat sa Edad na Apat (4) na Taon

PETSA:

PANGALAN AT ADDRESS NG KLIYENTE

PANGALAN AT ADDRESS NG KINATAWAN

TUNGKOL SA: **ABISO SA PAGTATAPOS NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA EDAD NA APAT (4) NA TAON**

Ang iyong anak ay kasalukuyang kliyente sa Developmental Disabilities Administration (DDA). Ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa DDA ay magtatapos sa kanyang ikaapat na taong kaarawan. Upang manatiling karapat-dapat ang iyong anak para sa DDA, dapat kang muling mag-apply bago mag-edad na apat na taon ang iyong anak. Dapat na muling mapagpasyahang karapat-dapat ang iyong anak sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na kondisyon: Kapansanan sa Pag-iisip, Cerebral Palsy, Epilepsy, Autismo, Isa pang Neurolohikal o Iba pang Kondisyong katulad ng Kapansanan sa Pag-iisip.

Naglakip kami ng Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon upang ipaalam sa iyo kung ano ang kailangan upang isagawa ang muling pagpapasyang ito.

Paano ako muling mag-a-apply?

Makipag-ugnay sa tauhan ng Intake & Eligibility (Panayam at Pagiging Karapat-dapat) ng DDA ng hindi bababa sa 90 araw bago ang ikaapat na taong kaarawan ng iyong anak upang humiling ng pakete para muling mag-apply. Maaari mong gawin ito sa paraan ng pagsulat o sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng teleponong nakalista sa ibaba. Isang pakete ng aplikasyon ang ipapadala sa iyo. Maaari mo ring makuha ang mga dokumento para sa aplikasyon online sa pamamagitan ng pagbisita sa https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility.

Paano kung hindi ako muling mag-a-apply?

Kung hindi mo hihilingin ang pakete para sa muling pag-a-apply o kung hindi mo ibabalik ang aplikasyon ng hindi bababa sa 60 araw bago ang petsa ng kapanganakan ng iyong anak, magtatapos ang pagiging karapat-dapat sa DDA sa kanyang ikaapat na taong kaarawan. Kung tumatanggap ang iyong anak ng bayad na serbisyo sa DDA, magtatapos ang serbisyo sa kanyang ikaapat na taong kaarawan.

Hindi maaapektuhan ng pagtatapos ng pagiging karapat-dapat sa DDA ang pagiging bahagi sa mga programa ng Espesyal na Edukasyon o pagiging karapat-dapat sa SSI. Hindi rin nito maaapektuhan ang anumang iba pang serbisyo ng DSHS na maaaring natatanggap mo gaya ng Medicaid, TANF o mga food stamp.

Mangyaring tumugon sa lalong madaling panahon, ngunit ng hindi bababa sa 90 araw bago ang ikaapat na taong kaarawan. Kung hindi kami makakarinig mula sa iyo. ipagpapalagay naming hindi mo ninanais na ipagpatuloy ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa DDA. Kapag wala ang tamang dokumentasyon sa karapat-dapat na kondisyon sa pagsapit ng edad na apat (4) a taon, magtatapos ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa kanyang ika-4 na taong kaarawan.

Kung mayroon kang mga katanungan o nagnanais na humiling ng pakete, mangyaring makipag-ugnay sa

PANGALAN	NUMERO NG TELEPONO	EMAIL ADDRESS

Isang kopya ng mga patakaran ng estado namamahala sa pagiging karapat-dapat ang makukuha kapag hiniling o online sa https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility.

cc: File ng kliyente

Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon

KONDISYON NG KAPANSANAN	EDAD	DYAGNOSIS	DYAGNOSTISYAN	IBA PANG MGA REKORD
Pagkaantala sa Paglaki	Edad na 4 hanggang 9 na taon	Pagkaantala sa Paglaki	Isang propesyonal na kuwalipikado sa pangangasiwa ng mga pagsusuri at ebalwasyon sa paglaki	Edad na apat (4) hanggang siyam (9) na taon – tatlo o higit pang mga pagkaantala ng 1.5 na pamantayang deviation na mababa sa mean na 25 % sa magkakasunod na edad batay sa isang kasalukuyang pagsusuri sa loob ng nakaraang 12 buwan.
Kapansanan sa Pag-iisip	Edad na 4 na taon at pataas	Kapansanan sa Pag-iisip	Isang Lisensyadong Sikologo, Sikologo ng Paaralan na Sertipikado sa Washington o iba pang sikologo ng paaralan na sertipikado ng National Assoc. of School Psychologists (Pambansang Asosasyon ng mga Sikologo ng Paaralan)	Kumpletong Sikolohikal na ulat kabilang ang Full Scale IQ score na may mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean at adaptive skills test score (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) na mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean na kinumpleto sa loob ng nakaraang 36 na buwan.
Cerebral Palsy	Edad na 4 na taon at pataas	Cerebral Palsy Quadriplegia Hemiplegia Diplegia	Lisensyadong Doktor	Pagsisimula ng paglabas ng sintomas bago ang edad na tatlong (3) taon at impormasyong sumusuporta sa pangangailangan para sa pang-araw-araw na direktang pisikal na tulong sa dalawa o higit pang larangan (paggamit ng banyo, pagligo, pagkain, pagbibihis, paggalaw, o komunikasyon).
Epilepsy	Edad na 4 na taon at pataas	Epilepsy o Pagkombulsyon	Neurologo na Sertipikado ng Board	Dyagnosis na batay sa medikal na kasaysayan at neurolohikal na pagsusuri, kumpirmasyon mula sa doktor o neurologo ng mga hindi makontrol o nagpapatuloy na pagkombulsyon, adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) na nagpapakita ng mga limitasyon sa adaptive functioning ng mahigit sa dalawang pamantayang debyasyon na mababa sa karaniwan o average.
Autismo (alinsunod sa DSM-IV-TR)	Edad na 4 na taon at pataas	Autismo o Autistic Disorder Alinsunod sa 299.00 sa DSM-IV-TR	Isang Lisensyadong Sikologo, isang Lisensyadong Doktor o ARNP na may kaugnayan sa isang sentro para sa autismo, sentro para sa paglaki, o sentro ng kahusayan, o isang Sertipikado ng Board: Neurologo, Psychiatrist, o Pediatrisyan sa Paglaki at Pag-uugali	Ang buong pagsusuri alinsunod sa DSM-IV-TR ay tumutugon sa lahat ng dyagnostikong pamantayan, ebidensya ng pagkaantala o hindi normal na pagkilos bago ang edad na limang (5) taon sa mga kasanayan sa pakikisalamuha, wika, komunikasyon, o larong sumasagisag o ginagamitan ng imahinasyon, at adaptive skills test [pagsusulit sa kakayahang iangkop ang sarili] na nagpapakita ng malaking limitasyon sa adaptive functioning [kakayahang iangkop ang sarili sa kapaligiran] ng mahigit sa dalawang pamantayang pagsukat na mababa sa karaniwan na pamantayan.
Autism Spectrum Disorder (alinsunod sa DSM-5)	Edad na 4 na taon at pataas	Autism Spectrum Disorder 299.00 Alinsunod sa DSM-5	Isang Lisensyadong Sikologo, isang Lisensyadong Doktor o ARNP na may kaugnayan sa isang sentro para sa autismo, sentro para sa paglaki, o sentro ng kahusayan, o isang Sertipikado ng Board: Neurologo, Psychiatrist, o Pediatrisyan sa Paglaki at Pag-uugali	Ang buong pagsusuri alinsunod sa DSM-V ay tumutugon sa lahat ng dyagnostikong pamantayan, ebidensya ng pagkaantala o hindi normal na pagkilos bago ang edad na limang (5) taon, adaptive skills test [pagsusulit sa kakayahang iangkop ang sarili] na nagpapakita ng malaking limitasyon sa adaptive functioning [kakayahang iangkop ang sarili sa kapaligiran] ng higit sa dalawang pamantayang pagsukat, at FSIQ ng isang pamantayang pagsukat o higit pa sa mababang karaniwang pamantayan.

Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon

KONDISYON NG KAPANSANAN	EDAD	DYAGNOSIS	DYAGNOSTISYAN	IBA PANG MGA REKORD
Isa pang Neurolohikal o Iba pang Kondisyong Katulad ng Kapansanan sa Pag-iisip	Edad na 4 na taon at pataas	Sakit na neurolohikal o sa kromosomo na kilalang nagdudulot ng mga kakulangan sa mga kasanayang intelektwal at kasanayang maiangkop ang sarili	Lisensyadong Doktor	Full Scale IQ score na may mahigit sa 1.5 na pamantayang deviation na mababa sa mean at adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) na nagpapakita ng malalaking limitasyon sa adaptive functioning na mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean na kinumpleto sa loob ng nakaraang 36 na buwan.

Tandaan: Ang form na ito ay isang pangkalahatang gabay lamang at maaaring mangailangan ang DDA ng karagdagang impormasyon o mga pagsusuri. Ang dokumentasyong ito ay ang unang hakbang sa pagpapasya ng pagiging karapat-dapat. Ang pagiging karapat-dapat sa DDA ay pinagpapasyahan alinsunod sa WAC Kabanata 388-823.